Republic of the Philippines
Department of Education
Region V(Bicol)
DIVISION OF CATANDUANES
Virac, Catanduanes
Email Add: catanduanes@deped.gov.ph/catanduanesdiv15@gmail.com
Website: www.depedroycatanduanes.com Tel No.: (052)811-40-68

RELEASED
SDO, Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
Date: AUG 0 6 2018
Time: 8:30 Am
Initial/Signature:

**Memorandum**

Para sa: Mga Punongguro ng paaralang elementarya at sekundarya

Mula kay: **SOCORRO V. DELA ROSA, CESO VI**
Tagapamanihala

PAKSA: SEMINAR-PALIHAN SA MALIKHAING PAGSULAT

PETSA: Agosto 3, 2018

---

Ang Kolehiyo ng Sining at Agham sa Catanduanes State University (CSU) ay magkakaroon ng Seminar-Palihan sa Malikhaing Pagsulat sa darating na Agosto 30-Setyembre 1, 2018 sa CSU Auditorium.

Kaugnay nito, hinihimok ang mga guro sa elementarya at sekundarya na lumahok sa gawaing ito, ON OFFICIAL TIME.

Hinihiling ang malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

**CATANDUANES STATE UNIVERSITY**
**Kolehiyo ng Sining at Agham**
Departamento ng mga Wika
Virac, Catanduanes

RECEIVED
DepEd, Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
Date: AUG 01 2018
Time: 3:29 P.M.
Signature:

Hulyo 31, 2018

**Gng. Soccoro V. Dela Rosa, CESO VI**
Pandibisyong Tagamanihala
Sangay ng Catanduanes

Madam:

Maligayang Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2018!

Isa sa napapglanuhang gawain sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2018 ang pagkakaroon ng isang seminar-palihan tungkol sa malikhaing pagsusulat sa darating na Agosto 30-Setyembre 1. Layunin nitong magkaroon ng reoryentasyon ang mga kalahok sa mga teorya at praktika ng malikhaing pagsulat sa wikang Filipino at Bikol. Ito ay dadaluhan ng mga mag-aaral at guro sa wika ng Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes, mga guro mula sa Sangay ng Catanduanes, at mga nagpapakadalubhasa sa Filipino.

Kaugnay nito, magalang pong hinihiling na maiendoso ng iyong butihing tanggapan ang gawaing ito sa kaguruan ng mga paaralang elementarya at sekondarya ng Catanduanes. Lubos na makatutulong ang gawaing ito upang malinang at mapayabong pa ang kakayahan at kasanayang pasulat ng mga guro nang sa gayon ay maibahagi rin nila ito sa kani-kanilang mag-aaral. Ang rehistrasyon sa nasabing gawain ay nagkakahalaga ng Php600.00 na sumasaklaw sa anim na isnak, seminar kit, sertipiko, at isang aklat pampanitikan.

Umaasa ang mga tagapagtaguyod sa inyong positibong tugon at pagpapaunlak sa kahilingang ito. Maraming salamat!

Lubos na sumasainyo,

**JOVERT R. BALUNSAY, PhD**
Tagapagtaguyod

Pinansin:

**JOCELYN S. IBONES, MAEd**
Tserman, Departamento ng mga Wika

**MORENO D. TABIOS, JR., MAME**
Dekano, CAS